

KAAYUSAN NG PAGSAMBA

PAGHAHANDA AT PAGNINILAY PAGSINDI NG KANDILA AT PAGBUBUKAS NG BIBLIYA PROSESYONAL

✠ TAWAG SA PAGSAMBA

Patnugot: Nasaan ang Diyos? Saan natin Siya mararamdaman?

Kapulungan: Siya ay nasa bukid at parang upang pagpalain ang butil na ipinunla ng mga magsasaka. Sila ang kasangkapan ng Diyos upang may sapat tayong pagkain.

Patnugot: Saang dako Siya naroroon? Saan Siya matatagpuan?

Kapulungan: Siya'y nasa karagatan kasama ang mga mangingisda, upang pagpalain ang kanilang mga lambat, sa gayon ay may sapat tayong pagkain sa ating hapag-kainan.

Patnugot: Saang sulok ng daigdig naroroon ang Diyos?

Kapulungan: Siya'y kasama ng mga manggagawa sa mga pabrika, upang alisin sa kalagayang nagpapahirap sa kanila, sa gayon, sila'y magkaroon ng sapat na kita para sa kanilang pamilya.

Patnugot: Sinu-sino ang mga kasama Niya?

Lahat: Kasama Niya ang mga taong naglilingkod at nagpapahalaga sa buhay ng sangkatauhan. Kasama Niya ang mga taong nais ng pagbabago. Purihin natin ang Diyos, ang Diyos ng kaayusan at ng katarungan, Diyos ng sangkatauhan!

✠ AWIT NG PAGPUPURI "Ang Ganda Daigdig" MASP 9

Ang ganda ng daigdig, at l'walhati ng langit,
Atin pang mamamasid ang simulang pag-ibig

Aming inihahayag, Dios, ang pasasalamat.

Ganda ng bawat oras, sa araw at magdamag.
Gilid, kahoy, bulaklak, araw, bit'wing makislap.

Sa galak ng pananaw, sa puso at isipan.
Sa hiwaga ng ugnay, ang lahat ng pangdamdam.

Sa galak ng pag-ibig, nating magkakapatid.
Pinag-ugnay ang isip ng sa lupa at langit.

✠ IMBOKASYON (Sabay-sabay ang lahat)

Aming Diyos, Manlilikha, Manunubos at Tagapagpanatili ng buhay, ang bawat pagsamba namin ay isang sama-samang pagdiriwang. Ikaw ay aming Diyos na nagtutuwid ng aming kasaysayan, matapat sa mga pangako, at makatarungan sa lahat ng bagay. Ikaw ang nagturo sa amin na ang aming buhay ay ilaan sa kapwa, tulad ni Jesus na inihandog ang buhay para sa amin. Tulongan Mo kaming saliksikin ang aming kalagayan at naisin na magkaroon kami ng buhay na may kaganapan. Ikaw, O Diyos, ang aming magulang. Pinagmumulan ng kalakasan. Gabay sa aming pakikihamok upang palaganapin ang Iyong kaharian. Ikaw ay aming pinupuri at sinasamba. Amen.

TAWAG SA PAGSISISI Patnugot

Nauunawaan ng Diyos kung tayo ay nakakalimot sa Kanyang pagliligtas, sumasamba sa mga diyos-diyosan, nagiging mapag-mataas, o nagkukulang para ipamahay ang Kanyang banal na layunin. Muli nating isuko ang ating mga sarili sa Kanya. Sa ating

mga pagkukulang, kailangan natin ang kapatawaran. Malawak ang Kanyang kahabagan at handa Niya tayong baguhin.

SANDALI NG PAGNINILAY AT PAGSUSURI NG SARILI (sa saliw ng tugtugin)

PAGTANGGAP SA KAGANDAHANG-LOOB NG DIYOS Pastor
Ang Diyos ay may magandang kalooban sa bawat isa na nagpapakumbaba. Siya na rin ang pumawi sa lahat ng ating mga kasalanan. Patuloy Niya tayong binabago. Ganito ang Kanyang pagpapatawad, "Halikayo at magliwanagan tayo, gaano man karami ang inyong kasalanan, handa akong ipatawad ang lahat ng iyan. Kahit na kayo'y maruming-marumi sa kasalanan, kayo'y magiging busilak sa kaputian." (Isaias 1:18)

Tugong Awit "Ang Panginoo'y Papurihan" MASP#5

Tayo ang bayang naligtas nang sa kanya ay tumawag,
upang hindi matiwalag, tayo sa mayamang lingap.

PAGBABATIAN NG MAY KAPAYAPAAN

Awit ng Pagbati "O Mabuhay Ka at Pagpalain" MASP 168

O mabuhay ka at pagpalain, at maligaya mo pang harapin,
Ang Dios Ama na lubhang maibigin,
Ay bigyan ka ng buhay na may ningning.

Lumawig nawa ang iyong buhay, sa Dios Ama ay iyong ialay.

Naglilingkod ng tapat at tunay, nang buhay mo ay laging magtagumpay.

BALITA AT MALASAKIT NG IGLESYA

PANALANGIN NG PAMAYANAN

TUGONG AWIT "Sa Dalangin Ko' May Tugon Siya" MASP 126

Si Jesus lamang ating tawagan, Dalangin nati'y pakikinggan.

Sa kalungkuta'y may kaaliwan, Sa panghihina'y kalakasan.

Si Jesus lamang, ating pag-asa. Pagtitiwala ay sa Kanya.

Kay Jesus lamang, tayo'y payapa. Sa dalangin ay may tugon Siya

KAPAHAYAGAN NG SALITA NG DIYOS

PAGBASA SA LUMANG TIPAN Jeremiah 1:9-10

✠ **TUGONG AWIT "Nais Kong Isalaysay" MASP 146**

Nais kong isalaysay, ang ukol sa langit,
At l'walhati ni Cristo, at Kanyang pag-ibig.

Nais kong isalaysay, pagka't ito'y tunay,
Sa t'wing aking uliti'y, ako'y nasisiyahan.

Nais kong isalaysay ang lumang kasaysayan,
Ukol sa pagmamahal ni Cristo sa tanan.

✠ **PAGBASA SA BAGONG TIPAN** Mateo 10:34

MENSAHE SA AWIT MENSAHE SA SALITA

(Tahimik na pagninilay sa saliw ng tugtugin)

TAWAG SA PAGHAHANDOG Patnugot

Kung susukatin natin ang mga ipinagkaloob sa atin ng Diyos, saan natin ito ihahalintulad? Kung iisipin natin ang Kanyang pag-ibig, kahabagan, at pagpapatawad, paano natin ito masusukat? Gayon pa man, ipagkaloob natin sa Diyos ang bunga ng

mga pagpapalang ipinagkakaloob Niya sa atin. Ang taus-puso nating pagkakaloob ay tugon sa masaganang pagpapala ng Diyos.

PAGLILIKOM NG HANDOG

Mga Tagalikom

✠ **TUGONG AWIT**

“Halina Tayong Lahat”

MASP 274

Tayo ang katiwala, ng mundong pinagpala.
Ang likha Niyang kay ganda, sagana sa biyaya.
Aming Dios ng pagsinta, at aming Manlilikha,
Ang papuri't pagsamba, ay handog na may tuwa,

✠ **PANALANGIN NG PASASALAMAT** (Sabay-sabay)

Mapagpala naming Panginoon, Ikaw ang nagpapaulan ng masaganang biyaya sa sangkatauhan. Hindi Mo ipinagkait ang yaman na Iyong nilikha. Gawin Mo kaming daluyan ng Iyong pagpapala, upang bahaginan ang mga nangangailangan, gamit ang talento, kakayahan at panahon, na Ikaw din ang nagkaloob. Gamitin Mo rin kaming tagapagpalaganap ng pagkakapantay-pantay. Amen.

✠ **AWIT NG PAGTATALAGA**

“Ako’y Nangako Jesus”

MASP#238

PANALANGIN NG PAGTATALAGA AT PAGPAPALA

Pastor

✠ **Tugong Awit**

Humayo Ka (Tune: Go Now in Peace)

Humayo kang may kalakasan. Ang buhay mo ay sa Kanya ilaan.
Kalikasan, sangkatauhan. Atas ng Dios ito’y ingatan.
Bagong buhay, bagong ugnayan. Bunga ay laya at kaligtasan.
Paglilingkod sa pamayanan, paglilingkod sa Kaharian.

RESESYONAL



UNITED CHURCH OF CHRIST IN THE PHILIPPINES

South Luzon Jurisdiction

NORTHEAST SOUTHERN TAGALOG CONFERENCE



SEASON OF LENT

March 26, 2017



4th Sunday in Lent

MGA TAGAPANGUNA

Patnugot:

Manunugtog :

Tagapamahalang Pastor:

✠ Sa ganitong tanda tayong lahat ay tatayo.